# SHEET NG KATOTOHANAN:
# BART SILICON VALLEY PHASE II EXTENSION PROJECT NG VTA

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

## Sa isang Tingin

**55,000**
na pasahero kapag weekday sa 2040

**75,000**
trabahong nalikha o sinusuportahan sa pamamagitan ng konstruksyon*

**4**
na bagong istasyon ng BART

**First**
Single-Bore Transit Subway in USA

**6-Mile**
Extension of BART service

Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA (Phase II Project) ay isang anim na milya, apat na istasyong ekstensyong ng BART mula Berryessa/North San José Station (bukas na noong 2020) hanggang downtown San José patungo sa Lunsod ng Santa Clara. Isinaplano ang Phase II Project na may kasamang tinatayang limang milyang subway, tatlong istasyon na may mga underground platform (28th Street/Little Portugal, Downtown San José, at Diridon), isang ground-level na istasyon (Santa Clara), isang maintenance ng tren at pasilidad para sa imbakan, at karagdagang mga pasilidad.

**tuwiran, di-tuwiran, at sa pamamagitan ng sapilitang benepisyo.*

## Mga Benepisyo

### *Ikinukonekta ang Bay*
Masiyahan sa pang-isahang upuang sakay mula sa San Jose at Santa Clara patungo sa mga distinasyon sa buong palibot ng Bay Area sa pamamagitan ng madalas at maaasahang transit.

### *Isang mas mabilis na pagsakay*
Lampasan ang mga traffic light at masikip na trapiko sa pamamagitan ng pagsakay sa BART. Magbasa, mag-text, o makinig ng musika at hindi mo namamalayan, dumating ka na sa inyong pupuntaha.

### *Sigla ng ekonomiya*
Karagdagan pa sa mga trabahong nilikha sa panahon ng engineering at konstruksyon, ikukunekta ng Phase II Project ang mga komunidad sa libo-libong trabaho sa palibot ng Bay.

### *Binabawasan ang mga epekto ng konstruksyon*
Pinanatili ng aming innovative na single-bore na istilo ng konstruksyon ang karamihan ng epekto sa ilalim ng lupa, habang hindi nagagambala ang mga kalye at serbisyo.

### *Nagpapasigla ng mga komunidad na nakatuon sa transit*
Minsan lang na pagkakataon sa isang siglo para lumikha ng patas at kayang lakaring lugar para tirahan, magtrabaho, mamili, at maglaro sa pamamagitan ng siksik at kombinasyong pagpapaunlad sa palibot ng transit.

### *Malinis na hangin*
May pinasulong na transit at mga komunidad na nakatuon sa transit, may kaunting pangangailangan na magmaneho. Ang mas kaunting pagbyahe ng kotse ay nangangahulugang pagbawas ng mga ibinubugang gas.

## Pagpopondo at 5 Taong Inaasahan sa Hinaharap

*May iba't ibang pinagmumulan ng pondo ang proyekto sa pederal, estado/panrehiyon at local na antas. Kabilang sa pagmumulan ng pondo ang Federal Transit Administration New Starts Program,Transit Intercity Rail Capital Program, Regional Measure 3, 2000 Measure A, at ang 2016 Measure B.*







Batay sa unang iskedyul para sa mga layuning pagpaplano.

*Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA*

*Pagpapatuloy sa susunod na pahina.*




Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

(408) 321-2345
(408) 321-2330 TTY

VTABART.org
vtabart@vtabsv.com

@vtabsv
@vtabsv2
@vtabsv2